Republic of the Philippines
Department of Education
**CARAGA REGION**
J. Rosales Avenue, Butuan City,
Agusan del Norte, Philippines, 8600

ISO CERTIFIED
9001:2015
Certificate No.:
UAE/QMS/2019/1938

ISO 9001
ACCREDITED
MSCB - 158

DEPARTMENT OF EDUCATION
RELEASED
DATE: 7/24/19
SIGNATURE
CARAGA REGION

## REGIONAL ADVISORY
**July 26, 2019**

## PAMBANSANG KONGRESO SA KATUTUBONG WIKA

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa pakikipagtulungan sa Sentro ng Wika at Kultura ng La Consolacion Colllege- Bacolod ay magdaraos ng **Pambangsang Kongreso sa Katutubong Wika sa 19-21 Agosto 2019 sa SMX Convention Center, Lungsod Bacolod, Negros Occidental**.

2. Ang Layunin ng Kongreso an ang mga sumusunod :

   a. mailahad ang halaga at tungkulin ng mga ahensiyang pamahalaan, non-governmental institution (NGO), mananaliksik, at guro sa pangangalaga sa mga katutubong wika,

   b. mapataas ang kamalayan ng mga guro sa pangangalaga at pagpapanatili ng mga katutubong wika sa pamamagitan ng pagtalakay sa halaga ng panitikang-bayan na gamitin sa pagtuturo,

   c. matalakay ang estado ng saliksik sa mga katutubong wika,

   d. mailahad ang iba't ibang aspekto ng dokumentasyon sa mga katutubong wika,

   e. matalakay ang halaga ng katutubong wika bilang pundasyon ng intangible cultural heritage at daluyan ng karunungang-bayan at mailahad ang adyenda sa pangangalaga ng mga katutubong wika.

3. Ang seminar na ito ay bukas sa mga guro, mananaliksik, manunulat, mag-aaral, mga empleado ng ahensiya ng pamahalaan at organisasyong di-pampamahalaan o NGO at may interes sap ag-aaral hinggil sa katutubong wika.

4. Limitado lamang sa apat na raan (400) ang tatanggaping kalahok at "first come, first serve" ang magiging panuntunan.

5. Kalakip nito ang DepED Advisory No.)059, s. 2019 na may petsang 17 Abril 2019 at ang tentatibong programa. **Ang KWF ay akreditadong CPD provider ng Komisyon sa Regulasyon ng mga Propesyon o PRC (Accreditation No. 2018-153)**

6. Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnay kay Chinita Ann O. Francisco sa sumusunod na numero (02) 252-1953, 0927-685-6786 (Globe), 0942-7365283 (Sun), o mag- email sa kwf.slak@gmail.com, bisitahin rin ang www.kwf.gov.ph at www.facebook.com/angkomisyonsawikangfilipino.

7. Hinihiling ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Advisory na ito.

Enclosure: see attached
Reference: Letter from Komisyon sa Wikang Filipino to RD Francis Cesar B. Bringas
To be indicated in the PERPETUAL INDEX under the following subjects:

KONGRESO

WIKANG FILIPINO
LEARNING AREA, FILIPINO

CLMD/jpe
07/26/2019

2019-07-10514



(085) 342 - 8207
(085) 342 - 7347
(085) 341 3899
caraga@deped.gov.ph
caraga.deped.gov.ph